UNITED STATES DEPARTMENT OF EDUCATION
OFFICE FOR CIVIL RIGHTS

**Disyembre 21, 2018**

**Mga Tanong & Sagot tungkol sa Diskriminasyon ayon sa Lahi at Pagdidisiplina sa Paaralan**

Sa ilalim ng Titulo VI ng Civil Rights Act at ng mga regulasyon nito para sa pagpapatupad, walang mag-aaral, ayon sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan (tutukuying "lahi"), na hindi papayagang sumali sa, pagkakaitan ng mga benepisyo ng, o isasailalim sa diskriminasyon ng anumang programa o aktibidad ng isang pinagkalooban at tumatanggap ng pederal na pinansyal na tulong (tutukuying "paaralan").[1] Itong T&S na dokumento ay naglalaan ng impormasyon tungkol sa kung paano tinatasa ng OCR ang pagtalima ng paaralan sa Titulo VI kaugnay ng pagdidisiplina sa paaralan, at kung paano magagawa ng paaralan ang sariling pagtalima nito sa Titulo VI tulungan man o hindi ng OCR.

Tanong 1:

Anu-ano ang mga legal na obligasyon ng paaralan sa ilalim ng Titulo VI kaugnay ng pagdidisiplina sa paaralan?

Sagot:

Ang mga paaralan ay may legal na tungkulin, *inter alia*, na huwag tratuhin nang naiiba ang mga mag-aaral ayon sa kanilang lahi.[2] Pinoprotektahan ng Titulo VI ang buong proseso ng pagdidisiplina sa mga mag-aaral, kasama ang pamamahala sa asal sa loob ng silid-aralan; pagpapadala sa awtoridad sa labas ng silid-aralan dahil sa maling asal; tugon ng paaralan sa maling asal ng mag-aaral, na maaaring mayroon o walang kasamang ekslusyon ng mag-aaral bilang disiplina; at anumang administratibong pagrerebisa ng mga desisyon sa pagdidisiplina.[3]

Sa anumang imbestigasyon tungkol sa usaping ito, ang papel ng OCR ay tiyakin ang pagtalima ng paaralan sa Titulo VI. Kung naangkop, ang OCR ay makikipagtulungan sa paaralan upang maabot ang boluntaryong resolusyon na magdadala sa paaralan sa pagtalima[4] habang kinikilala at iginagalang ang pagpapasya ng

---

[1] 42 U.S.C. § 2000d. Pansinin na ang mga salitang "lahi," "kulay," at "bansang pinagmulan" ay may mga natatanging legal na kahulugan. Gayunman, ang salitang "lahi" ay pampaikling salita na ginagamit sa dokumentong ito upang tulungan ang mambabasa.
[2] Ang mga hinihingi ng Titulo VI kaugnay ng walang diskriminasyon ay gayon din para sa dapat ugaliin ng mga entidad na nagsasagawa ng ilan o ng lahat ng mga tungkulin ng paaralan na nakakontrata o ibinigay sa pamamagitan ng ibang kasunduan. *Tingnan, ibig sabihin,* 34 C.F.R. § 100.3(b)(1).
[3] Halimbawa, malamang na bawal ang naiibang pagtrato ayon sa lahi kung ang isang administrador na mataas ang katungkulan ay piniling magrebisa, na posibleng magpawalang bisa, ng mga ginawang pagdidisiplina laban sa mga mag-aaral ng isang partikular na lahi ngunit hindi laban sa iba pa.
[4] 34 C.F.R. § 100.7.

mga lokal na pinuno ng paaralan na piliin kung aling mga patakaran sa walang diskriminasyon na pagdidisiplina ang pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng kanilang paaralan.[5] Kung hindi maisasagawa ang boluntaryong pagtalima sa Titulo VI, ang OCR ay magtatatag ng mga pormal na pagdinig laban sa tumatanggap.

Ang OCR ay naglalaan ng teknikal na tulong sa mga paaralan kaugnay ng pagtalima sa Titulo VI at malugod na tumatanggap ng mga kahilingan sa naturang tulong sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa tamang tanggapan ng OCR sa rehiyon: https://wdcrobcolp01.ed.gov/CFAPPS/OCR/contactus.cfm.

Tanong 2:

Ano ang katibayan na sinusuri ng OCR kapag nagsasagawa ng imbestigasyon sa pagdidisiplina ayon sa Titulo VI?

Sagot:

Ang mga reklamo na lumalabag and pagdidisiplina ng paaralan sa Titulo VI ay malimit na nagbibintang na ang mag-aaral ay dinisiplina bunga ng partikular na asal o ng partikular na insidente sa paraang may diskriminasyon (ibig sabihin, tinrato ang mag-aaral nang naiiba kaysa sa ginagawang pagtrato sa mga mag-aaral ng ibang lahi sa katulad na sitwasyon) Malimit ring nirereklamo ang bintang na niyakap ng paaralan ang isang nyutral na patakaran sa pagdidisiplina sa intensyong tutukan ang mga mag-aaral ng isang partikular na lahi.

Kung, ayon sa kabuuang impormasyon na magagamit ng OCR sa pamamagitan ng proseso ng ebalwasyon, ay nadetermina ng OCR na ang reklamo ay may alegasyon ng paglabag sa Titulo VI at samakatuwid ay angkop na imbestigahan, iimbestigahan ng OCR ang alegasyon. Ayon sa mga alegasyon, tutukuyin ng OCR ang uri at saklaw ng katibayan na kailangan upang suportahan ang isang makatwirang legal na imbestigasyon at determinasyon. Sa pangkalahatan, bilang bahagi ng imbestigasyong ito para matukoy kung tinrato ng paaralan ang mga mag-aaral nang naiiba dahil sa lahi bilang paglabag sa Titulo VI, sinusuri ng OCR ang mga impormasyon tulad ng:

- Direktang katibayan ng motibo laban sa lahi o animus (halimbawa, mga pahayag ng mga gumagawa ng desisyon na nagpapahayag ng pagkiling sa isang lahi)
- Katibayan ng pagkiling sa isang lahi na nakita sa pangyayari, kabilang halimbawa ang:
    - katibayang bunga ng paghahambing sa mga pangyayari kaugnay ng pagtrato sa mga mag-aaral na nasa parehong sitwasyon ;

[5] *Tingnan ang Davis v. Monroe Cnty. Bd. of Educ.,* 526 U.S. 629, 646 (1999) ("Sa mahigit sa isang pagkakataon, kinilala ng Hukumang ito ang kahalagahan ng malawakang-saklaw na awtoridad ng mga pamunuan ng paaralan…sang-ayon sa mga pundamental na pag-iingat ng konstitusyon, upang itakda at pamahalaan ang mga asal sa mga paaralan.'"); *tingnan din ang Tinker v. Des Moines Indep. Lungsod Paaralan Distrito*, 393 U.S. 503, 507 (1969); New Jersey v. T. L. 0., 469 U.S. 325, 342, n. 9 (1985) ("Ang pagpapanatili ng disiplina sa mga paaralan ay nangangailangan na hindi lamang ang pagpipigil sa mga mag-aaral na manakit sa isa't isa, mag-abuso sa droga at alkohol, at gumawa ng iba pang krimen, kundi pati na rin ang pagsunod ng mga mag-aaral sa mga pamantayang asal na itinakda ng mga awtoridad ng paaralan .").

- mga paglabas sa mga pamantayang patakaran ng paaralan sa mga pamamaraan/kalakaran ng pagdidisplina;
- kasaysayan ng mga gawain na may diskriminasyon.[6]

Susuriin ng OCR ang katibayan at mga pangyayari na maaaring katangi-tangi sa isang partikular na paaralan o sitwasyon upang malaman kung ang mag-aaral ay tinrato nang naiiba kumpara sa ibang mag-aaral sa parehong sitwasyon, at, kung gayon nga, kung may ibang dahilan na hindi mababasa, hindi diskriminasyon, para sa kakaibang pagtrato. Nasa balikat ng OCR ang tungkulin ng pagpapatunay na may paglabag sa batas o regulasyon sa pamamagitan ng pag-aaral sa katibayan

<u>Tanong 3:</u>

Anu-anong mga rekord tungkol sa pagdidisiplina ang kailangang ingatan ng paaralan?

<u>Sagot:</u>

Ang wasto at kumpletong pagtatago ng rekord ay isang mahalagang obligasyon ng bawat paaralan bilang kondisyon ng pagtanggap ng federal na pondo, at talagang kailangan sa konteksto ng imbestigasyon ng OCR sa pagdidisiplina ayon sa Titulo VI.[7] Dapat na itago ang mga rekord sa paraang masusuri ng mga tauhan ng Departamento at mapapag-aralan ang mga rekord na iyon sa konteksto ng imbestigasyon. Ang mismong kabiguan na ingatan ang naturang mga rekord ay paglabag sa pagsasakatuparan ng regulasyon sa Titulo VI.

<u>Tanong 4:</u>

Paano reremedyuhan ang diskriminasyon sa pagdidisiplina sa paaralan?

<u>Sagot:</u>

Ang OCR ay maaaring pumasok sa isang boluntaryong kasunduan sa paaralan na nakadisenyo upang ang paaralan ay tumalima sa batas. Ang aliwalas na ipagkakaloob sa naturang kasunduan sa paaralan ay kailangang lubos na nakaugnay sa paglabag na natuklasan ng OCR (o, sa konteksto ng boluntaryong kasunduan na nagawa bago ang kongklusyon ng imbestigasyon ng OCR, ang mga usapin o potensyal na paglabag na nakita ng OCR sa buong panahon ng imbestigasyon nito), at kailangan upang tumalima ang paaralan sa Titulo VI.

Ang pagtugon sa mga pangyayaring diskriminasyon ng guro o opisyal ng paaralan ay kailangang

---

[6] Bagama't ang istatistika ay mapagkukunan ng katibayan mula sa mga pangyayari upang maitakda na may motibong diskriminasyon, ang pagkakaroon lamang ng mga naiiba ay hindi nagtatatag na may ibang pagtrato. *Tingnan ang Belk v. Charlotte-Mecklenberg Bd. of Educ.*, 269 F.3d 305, 332 (4th Cir. 2001) ("ang pagkakaiba [sa antas ng pagdidisiplina] ay hindi sapat upang masabi na ito ay diskriminasyon").

[7] Tingnan 34 C.F.R. § 100.6(b), na nagsasaad: "Ang bawat tumatanggap ay magtatago ng mga naturang rekord at magsusumite sa nakatalagang opisyal ng Departamento o sa kanyang kinatawan na napapanahon, kumpleto at wastong ulat ng pagsunod sa tukoy na oras, at sa mga tukoy na anyo at naglalaman ng tukoy na impormasyon, tulad ng hihingin ng opisyal ng Departamento o ng kanyang kinatawan na kinakailangan upang matiyak nito kung tumalima ang tumatanggap o tumatalima sa bahaging ito."

humantong sa pagpapalubag ng loob ng indibidwal na biktima, at sa anumang ibang hakbang na kailangan upang tumalima ang tumatanggap. Maaaring kabilang sa mga remedyo ang pagtatama ng rekord ng mag-aaral na tinrato ng naiiba, na isasauli ang anumang partikular na benepisyo na hinadlangan dahil sa pagdidisiplinang may diskriminasyon, o ang paglalaan ng mga serbisyong akademiko na hindi natanggap ng mag-aaral dahil sa isang desisyon ng pagdidisiplina na may diskriminasyon. Halimbawa, kung ipinagkait sa biktima ang isang iskolarship ng paaralan o aliwalas sa matrikula dahil sa pagdidisiplina na may diskriminasyon, ang iskolarship na iyon ay dapat ibalik, at anumang matrikula na pinabayaran bilang resulta ng pagtanggal ng aliwalas sa matrikula ay dapat ibalik sa mag-aaral.

Hindi angkop para sa OCR o sa paaralan na magtakda ng mga kota ng lahi o mga salik sa proporsyon ng mga hinihingi para sa suspensyon o iba pang mga paghihigpit sa pagdidisiplina bilang remedyo sa diskriminasyon.[8]

**Pansinin**: Ang Kagawaran ay nagpasiya na ang T&S na ito ay mahalagang gabay na dokumento sa ilalim ng Final Bulletin for Agency Good Guidance Practices of the Office of Management and Budget, 72 Fed. Reg.3432 (Enero 25, 2007). Ang dokumentong ito ay walang idinadagdag sa mga hinihingi ng naaangkop na batas. Kung mayroon kayong mga tanong o interesado sa pagbibigay ng puna sa dokumentong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon sa ocr@ed.gov o 800-421-3481 (TDD: 800-877-8339).

[8] Halimbawa, binura ng isang pederal na hukuman na apela ang isang probisyon na nagbabawal sa "distrito ng paaralan na ipadala sa disiplina ang mas mataas na porsyento ng mga mag-aaral sa menoridad kaysa sa mga mag-aaral na puti maliban kung pupurgahin ng distrito ang lahat ng 'subhektibong' salik sa kanilang "koda ng pagdidisiplina" dahil katumbas ito ng ipinagbabawal na kota ng lahi – kahit nauna nang nalaman na gumawa ng diskriminasyon ang distrito ng paaralan laban sa lahi. *Mga Tao na Nagmamalasakit*, 111 F.3d at 538.